

Tagalog/Tagalog

Paggunita sa Grenfell: ang ating paglalakbay sa ngayon (Mayo 2022)

Ginawa namin ang maikling bersyon ng ulat na isasalin sa iba't ibang wika. Makikita (at maisasalin) mo ang buong ulat sa aming website:

www.grenfelltowermemorial.co.uk/report



Ang paglathala ng ulat na ito ay isang mahalagang sandali para sa Grenfell Tower Memorial Commission at sa lahat ng aming kinakatawan habang tayo ay kumikilos tungo sa isang angkop na memorial. Ang 'Remembering Grenfell: our journey so far' ('Paggunita sa Grenfell: ang ating paglalakbay sa ngayon') ay ang aming pagkakataon na ipakita sa inyo kung saan tayo nanggaling, kung nasaan tayo ngayon, at kung saan tayo papunta.

Sineseryoso namin ang aming mga tungkulin bilang [mga kinatawan ng komunidad](#) at gusto naming gampanan ang mga tungkuling iyon sa abot ng aming makakaya. Ang memorial ay makabuluhan para sa ating lahat at sa iba't ibang paraan. Kung kayo ay isang naulilang miyembro ng pamilya, dating residente ng Tore o Grenfell Walk, o isang lokal na residente (maging sa loob ng Lancaster West Estate o iba pang kalapit na ari-arian o kalye), hindi mangyayari ang memorial kung wala kayo.

Pati na rin ang pagpapaliwanag sa aming paglalakbay at kung paano kami nakarating sa partikular na puntong ito, sa ulat na ito ay ibinabahagi rin namin sa inyo ang iba't ibang paraan na nakabalita kami mula sa inyo hanggang sa ngayon, kung ano ang aming narinig at kung gaano karaming tao ang aming nakausap na –

na napakarami, at mahahanap ninyo ang lahat ng detalyeng iyon sa buong ulat sa aming website. Tinalakay din namin ang ilan sa mga malalaking hamon na kinakaharap namin. Maaaring hindi posible para sa memorial na maisagawa ang lahat ng iba't ibang ideya na narinig namin sa ngayon, halimbawa, at paano namin maigagalang at matutugunan ang iba't ibang kagustuhan? Paano namin malalaman kung nakarinig na kami mula sa sapat na dami ng mga tao at ito na ang tamang oras para umusad sa susunod na yugto ng paggawa ng memorial?

Sinabi namin kung ano ang paparating at kung ano ang susunod naming gagawin. Malayo na ang aming narating, at malayo-layo pa ang lalakbayin. Umaasa kami na ang ulat na ito ay magiging tulad ng isang tuldok sa isang mapa, na tumutulong na ipakita sa inyo kung nasaan kami ngayon at kung ano ang aming ginawa, nakita at narinig mula noong nagsimula kaming magsama-sama bilang Memorial Commission noong Setyembre 2019. Makikita ninyo ang aming buong paglalakbay sa timeline sa aming website sa: www.grenfelltowermemorial.co.uk/our-journey

Isang karagdagang paalala bago ka magpatuloy sa pagbabasa. Kadalasan ay mahirap na malinaw na tukuyin ang maraming iba't ibang 'grupo' ng mga tao na ang buhay ay naapektuhan at hindi na maibabalik pa ng mga kaganapan noong ika-14 ng Hunyo 2017. Ang mga salita at 'label' ay kadalasang hindi nagbibigay-hustisya sa kung paano nagsasalikop ang personal na karanasan ng trahedya sa maraming paraan. Mayroong parehong magkatulad at natatanging mga karanasan sa mga apektadong indibidwal at pamilya, tulad ng bawat pamilya at indibidwal ay naiiba, at hindi tayo maaaring magpalagay lang. Mayroon ding mga komunidad sa loob ng mas malalaking komunidad. Pagdating sa wikang ginamit namin sa ulat na ito, sinubukan naming maging malinaw hangga't maaari tungkol sa kung sino at ano ang aming tinutukoy. Tinatalakay namin, halimbawa, ang tungkol sa partikular na mga naulilang miyembro ng pamilya o dating residente ng Tore kung saan naaangkop iyon, at tungkol sa 'komunidad' kapag tinutukoy namin ang maraming iba't ibang apektadong 'grupo'. Ginagamit din namin ang 'Grenfell' sa sarili nito minsan, bilang shorthand para sa trahedya (o para sa alaala nito), at sa paraan na ginagamit din ng marami sa atin ang salitang iyon araw-araw. Alam namin na ang wikang ginamit namin ay maaaring hindi ang pipiliin ng lahat, ngunit ginawa namin ang aming makakaya upang maging malinaw sa abot ng aming makakaya.

Salamat sa pagkuha nito at sa pagsisimulang basahin.

Tungkol sa amin

Ang mga kinatawan ng komunidad ng Memorial Commission ay sina Abraham, Adel, Andrea, Hanan C, Hanan W, Hassan, Mohammed, Nabil, Sandra at Susan. Maaaring kilala na ninyo kami, pero kung hindi pa, kumusta?!

Mayroong ilang impormasyon tungkol sa amin sa aming website: www.grenfelltowermemorial.co.uk. Kalahati sa amin ay mga naulilang miyembro ng pamilya, tatlo sa amin ang kumakatawan sa mga nakaligtas sa sunog, at dalawa sa amin ay nakatira sa Lancaster West Estate sa loob ng maraming taon.

Kaming lahat ay nasa Memorial Commission bilang mga boluntaryo at binabalanse namin ang gawaing ito kasabay ng aming mga normal na trabaho. Bawat isa sa amin ay nagdadala ng iba't ibang kasanayan mula sa aming trabaho, ito man ay sa edukasyon, procurement, negosyo, pangangalaga sa lipunan o sa lokal na mosque. Marami sa amin ang pangunahing kalahok din sa Grenfell Tower Inquiry. Tulad ng maraming tao, nalaman namin na ang pagboboluntaryo ay makakatulong sa amin na harapin ang aming kalungkutan at lahat ng aming napagdaanan.

Hindi kami nasa Memorial Commission para katawanin ang aming mga sarili – bawat isa sa amin ay inihalal sa aming mga tungkulin upang kumatawan sa mga naulilang pamilya, nakaligtas at nawalan ng kanilang mga tahanan dahil sa trahedya, o mga residente ng Lancaster West. Hindi alintana kung alin sa mga grupong ito ang piniling katawanin namin, nagtutulungan kami upang suportahan ang *bawat* grupo - at sama-samang kinakatawan namin ang mga residente ng North Kensington. Nakatuon kami sa pagtiyak na ang komunidad ng Grenfell ay nangunguna sa paggawa ng desisyon sa pangmatagalang hinaharap ng site ng Grenfell Tower.

Ang aming narinig

Mula sa lahat ng mga talakayan namin, narinig namin ang ilang mahahalagang mensahe:

- Ang mga tao ay halos lahat sang-ayon tungkol sa kung ano ang dapat maging pakiramdam ng memorial
- Ang mga disenyo mula sa ibang lugar ay maaaring magbigay ng inspirasyon
- Nagkaroon ng interes sa isang gusali
- May lumilitaw na iisang pananaw
- Ang mga pananaw ng mga naulilang pamilya ay partikular na mahalaga
- Ang ilang mga ideya ay paulit-ulit na lumalabas
- Ang komunidad ay may malawak na hanay ng mga malikhaing ideya
- Ang isang hardin bilang bahagi ng memorial ay isang popular na ideya
- Ang mga tao ay hindi nagkakasundo sa lahat

Tingnan natin ang bawat isa sa mga ito nang magkakasunod:

Ang mga tao ay halos lahat sumasang-ayon tungkol sa kung paano dapat ang pakiramdam ng memorial

Hiniling namin sa mga tao na ibahagi ang kanilang mga pananaw sa pakiramdam ng memorial - kung ano ang maaaring pakiramdam na mapunta roon, at kung anong mga saloobin at damdamin ang inaasahan nilang mabigyang inspirasyon nito. Nakipag-usap kami sa mga naulilang miyembro ng pamilya, mga nakaligtas, mga nawalan ng tahanan, mga residente ng Lancaster West at mga miyembro ng lokal na komunidad, at hiniling sa kanila na sabihin sa amin kung aling tatlong salita ang pinakagusto nilang gamitin para ilarawan ang memorial.

Ang mga tao ay nagsabi ng maraming iba't ibang salita (mahigit sa 300 sa katunayan!), ngunit ang ilang salita ay patuloy na nauulit, at ang mga tao ay madalas na nagbabanggit ng parehong mga bagay sa medyo magkaibang paraan.

Upang magkaroon ng kahulugan ang mga pattern, inayos namin ang iba't ibang salita ayon sa tema. Ang tatlong-kapat ng lahat ng salita ay umaangkop sa ilalim ng apat na pangkalahatang tema: Mapayapa at Mapanimdim, Magalang at Pag-alaala, Pag-asa at Positibo, Komunidad at Pag-ibig.

Ang mga salitang tulad nito ay paulit-ulit na nabanggit ng mga naulilang pamilya, nakaligtas at nawalan ng kanilang mga tahanan, residente ng Lancaster West at ng lokal na komunidad. Nagkaroon lamang ng kaunting pagkakaiba sa pagitan ng sinabi ng mga tao mula sa mga grupong ito. Halimbawa, mas binibigyang-diin ng mga tao mula sa lokal na komunidad ang mga salitang tulad ng 'Pag-asa at Positibo', samantalang ang mga naulilang pamilya ay mas binibigyang-diin ang mga salitang tulad ng 'Magalang at Pag-alaala'.



Gayunpaman, ang bawat isa sa mga grupo ay pangunahing nagbigay ng mga salita mula sa parehong apat na tema.

Mas madaming nabanggit na mga salita ang lokal na komunidad at mga residente ng Lancaster West dahil mayroong mas higit na bilang ng tao sa grupong ito. Ngunit halos lahat ng sinasabi ng mga naulilang pamilya, nakaligtas at nawalan ng tahanan ay sinasabi rin ng mga residente ng Lancaster West at iba pa sa lokal na komunidad. Ang nangungunang linya na mensahe ay halos magkapareho.

Gamit ang apat na tema, gumawa kami ng buod na bersyon ng word cloud at isinalin ito sa iba't ibang wikang sinasalita ng komunidad. Sinubukan namin ito at nakakuha ng positibong tugon.

*Magbibigay ito ng espasyo para sa **pagnilay-nilay** at **pag-alaala** sa mga taong nawalan ng buhay, kung **bakit** nangyari ang trahedyang ito at ang **pangangailangan ng hustisya**.*

Sasalaminin ng memorial ang *komunidad* ng Grenfell at ang *pagmamahal* sa loob nito, na pumupukaw ng isang pakiramdam ng *pag-asa* at *positibilidad* na *inaalaala ang nakaraan* at *inaabangan ang hinaharap*.

*Ito ay magiging isang lugar para magsama-sama ang mga naulila, mga nakaligtas at mga miyembro ng lokal na **komunidad**.*

*Isang **magalang** at **pangmatagalang** alaala na nagpaparangal sa mga nawalan ng buhay at ng kanilang mga pamilya, mga nakaligtas sa sunog at mga miyembro ng lokal na **komunidad**.*

Ang tema na 'hustisya' ay hindi bahagi ng orihinal na unang draft ng vision statement dahil hindi ito lumabas nang maraming beses sa proseso ng word cloud. Alam namin na ang hustisya ay lubos na mahalaga sa **komunidad** ng Grenfell kaya pagkatapos ng mga talakayan sa mga naulilang pamilya, idinagdag namin ito.

Naging positibo ang feedback mula sa lahat ng grupong ito, at nagbibigay ito sa amin ng kumpiyansa na ang vision statement ay umuusad sa tamang direksyon.

Isang hardin bilang bahagi ng isang memorial ay isang popular na ideya

Tinanong din namin ang mga tao kung anong anyo ang gusto nilang mangyari sa memorial. Sa pagtingin sa iba pang mga halimbawa mula sa buong mundo, ang mga memorial ay karaniwang may isa o higit pa sa mga sumusunod na mga anyo:

1. Isang memorial garden, halimbawa isang kahoyan na lugar o landscape na may mga tampok na tubig
2. Likhang sining o monumento, halimbawa isang estatwa o isang bato na may mga pangalan
3. Isang gusali, halimbawa isang museo o isang bukas na silungan

Ibinahagi namin ang word cloud at ang vision statement sa mga naulilang pamilya, mga nakaligtas at mga nawalan ng tahanan, mga residente ng Lancaster West at iba pang miyembro ng lokal na **komunidad**, at pagkatapos ay nagtanong kung anong anyo ng memorial ang naisip nilang



pinakamahusay na magpapakita sa mga temang ito (halimbawa, isang memorial garden, likhang sining, gusali, monumento, tampok na tubig, atbp).

Sa ngayon, ang pinakapopular na anyo ay isang memorial garden, na ipinahayag ng 61% ng mga naulilang miyembro ng pamilya, 74% ng mga nakaligtas at ng mga nawalan ng tahanan, 51% ng mga residente ng Lancaster West at 64% ng iba pang lokal na miyembro ng komunidad. Ito ang anyo na pinakamadalas na iminungkahi ng bawat isa sa iba't ibang grupong ito.

Ang susunod na pinakapopular na anyo ay isang likhang sining o monumento. Ito ay iminungkahi ng 30% ng mga naulilang miyembro ng pamilya, 26% ng mga nakaligtas at ng mga nawalan ng kanilang mga tahanan, 29% ng mga residente ng Lancaster West at 33% ng iba pang lokal na miyembro ng komunidad. Muli, ang suporta para dito ay lubos na pare-pareho at katulad na malakas mula sa bawat isa sa iba't ibang grupo.

Siyempre, posible ring pagsamahin ang ilan sa mga anyong ito. Halimbawa, maaari tayong magkaroon ng hardin na may kasamang likhang sining. Ang iba't ibang bahagi ng site ng Grenfell Tower ay maaaring gamitin sa iba't ibang paraan, kaya maaaring posible na magsama ng ilang elemento nang magkasama.

Nagkaroon ng interes sa isang gusali

Maraming tao ang nagpahayag ng interes sa pagkakaroon ng isang gusali. Iminungkahi ito ng 13% ng mga naulilang miyembro ng pamilya, 17% ng mga nakaligtas at ng mga nawalan ng tahanan, 6% ng mga residente ng Lancaster West at 10% ng iba pang lokal na miyembro ng komunidad. Ang ilan ay may medyo simpleng bagay lamang na nasa isip - halimbawa, isang silungan na magbibigay proteksyon mula sa mga elemento at isang lugar para sa panalangin at pagnilay-nilay. Iniisip ng iba na magkaroon ng isang bagay na mas malaki, tulad ng museo o sentro ng edukasyon. Nasa isip ng ilang tao ang isang simbolikong istraktura - halimbawa, ang paggawa ng istraktura na kasing-taas ng Torre ngayon, o muling paggamit ng ibang bahagi ng Torre sa memorial. Ang isang ekis para sa halos lahat, lalo na ang mga naulilang pamilya, ay ang site ay hindi dapat gamitin para sa pabahay. Iyan ay hindi isang opsyon na isinasaalang-alang.



Ang iba't ibang mga mungkahi para sa isang binuo na istraktura ay nagpapakita ng iba't ibang mga pangangailangan. Halimbawa, ang ideya ng isang silungan ay nagpapakita ng pangangailangan na matiyak na ang mga tao ay maaaring manalangin at magnilay-nilay sa buong taon. Ang ideya ng pagkakaroon ng isang gusali para sa

isang museo ay nagsasabi ng pangangailangan na matiyak na ang mga aral ay natutunan at ang kasaysayan ng kung ano ang nangyari ay hindi mawawala. Ang ideya ng pagkakaroon ng isa pang mataas na istraktura ay nagsasalita sa pangangailangan para sa visibility - upang matiyak na ang trahedya ay hindi 'mawawala sa paningin, mawawala sa isip' kung ang Tower ay wala na.

Ang mga pagiging praktikal ng mga ideyang ito ay kailangang pag-isipan nang mabuti, at ang ilang panukala ay magiging mas madaling isama sa memorial kaysa sa iba. Umaasa kami, gayunpaman, na magiging posible na ipakita ang mga pangangailangan na nasa ilalim ng mga mungkahi, kahit na ang mga ideya ay hindi direktang ipatupad. Magiging mahalaga na timbangin ang lahat at siguraduhin na ang pagtugon sa isang hanay ng mga pangangailangan ay hindi naman mababalewala ang iba. Halimbawa, ang paglalagay ng museo sa site ay maaaring makatugon sa pangangailangang ipaalam sa mga tao tungkol sa trahedya, ngunit lilikha rin ito ng isang destinasyon para sa turista.

Narinig namin na maaari nitong gawing mas hindi gaanong mapayapa ang memorial bilang isang lugar para magdalamat ang mga naulilang miyembro ng pamilya, at makakaapekto sa buhay ng mga lokal na residente.

Sa pag-iisip gamit ang imahinasyon, maaaring mayroong iba't ibang paraan upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan. Ang Memorial Commission ay maaaring gumawa ng mga rekomendasyon sa ibang mga organisasyon at awtoridad tungkol sa kung paano dapat maalala ang Grenfell. Upang matugunan ang pangangailangan para sa edukasyon tungkol sa trahedya, halimbawa, maaari naming irekomenda sa Museum of London na magkaroon sila ng Grenfell exhibition, o magrekomenda sa gobyerno na magtayo ng isang Grenfell museum o archive bilang karagdagan sa memorial sa isang hiwalay na site. Maaaring posible na isulong ang mga partikular na ideya sa pamamagitan ng iba pang mga proseso, kahit na wala ito sa saklaw na para sa memorial mismo. Sa maagang yugtong ito, hindi namin hinuhusgahan ang mga ideya at tinatanggap o winawaglit - tinutuklas namin ang mga opsyon at inaalam kung ano ang nasa likod ng mga mungkahi ng mga tao, upang maipaliwanag namin sa team na magdidisenyo sa hinaharap kung ano ang kailangan.

Ang ilang ideya ay paulit-ulit na lumalabas

Sa buong pag-uusap, ibinahagi ng mga tao ang kanilang mga saloobin tungkol sa mga tampok na maaaring magkaroon ang isang memorial, at mga partikular na detalye ng disenyo na mahalaga sa kanila. Kinolekta namin ang lahat ng ito sa isang talaan ng mga ideya at tatanungin ang kung sino man na itinalaga na gumawa ng disenyo na humugot sa input ng buong komunidad para sa inspirasyon at patnubay.

Ilang mga ideya para sa disenyo ang nabanggit nang paulit-ulit:

a. Ang mga pangalan ng mga namatay

- Ang tampok na ito ay laging nababanggit sa buong kumunidad, at pinapagtibay ang pananaw na ang memorial ay dapat isang lugar ng pag-aalaala
- Iminumungkahi ng ilang tao na ipakita ang mga nakasulat na pangalan nang mag-isa, halimbawa sa isang plake o ukit. Iminumungkahi ng iba na magsama ng higit pang mga detalye tulad ng mga larawan o kuwento tungkol sa mga namatay.
- Napagkasunduan na kung mayroong anumang pagtutol mula sa mga naulilang pamilya tungkol sa kung paano papangalanan o kakatawanin ang kanilang mga mahal sa buhay, dapat itong igalang.

b. Isang lugar para manalangin, magnilay-nilay, umupo at magsama-sama

- Isang malakas na tema ng memorial na nais ng mga tao ay isang lugar kung saan maipapakita nila ang kanilang paggalang at pagnilayan ang nangyari.
- Narinig namin na ang memorial ay dapat na idisenyo upang paglingkuran ang lahat sa ating komunidad na binubuo ng iba't ibang laht at relihiyon. Halimbawa, dapat itong magkaroon ng espasyo para sa pagdarasal, at may mga nakasulat sa iba't ibang wika kabilang ang Arabic calligraphy.
- Inilarawan ng mga tao kung paano dapat bigyang-daan ng disenyo ng memorial uapng magsama-sama ang mga tao at madama ang pakiramdam ng komunidad.

c. Tubig

- Maraming tao ang nagmungkahi na ang tubig ay dapat na isama sa loob ng disenyo ng memorial – marahil sa pamamagitan ng mga fountain, talon o mga still-water na tampok.
- Ang mga ideyang ito ay madalas na nauugnay sa pagnanais na lumikha ng pakiramdam ng kapayapaan sa memorial. Inilarawan ng mga tao kung paano sa tingil nila nakapapahinahon at nagpapakalma ang tubig.



- Kapag nagbabanggit ang mga tao ng iba pang mga memorial o espasyo na gusto nila, ang tubig ay isang umuulit na tampok ng mga disenyo.

d. Isang lugar para sa mga bata at kabataan

- Iminungkahi ng mga tao na ang isang partikular na lugar ay maaaring idisenyo para sa mga bata at kabataan, marahil ay hiwalay sa mga bahagi ng memorial na inaalay sa tahimik na pagnilay-nilay at panalangin.

■ Ang ideyang ito ay na-link sa pagnanais ng mga tao para sa memorial na magbigay ng pakiramdam ng pag-asa, kasama ang paglalaro ng mga bata na nagdadala ng positibo at pakiramdam ng hinaharap.

May mga mahahalagang puntong nabanggit ang mga naulilang pamilya, tulad ng pakikipagtulungan sa coroner upang isaalang-alang kung paano maaaring ihimlay ang hindi pa nakikilalang mga labi sa site. Iminungkahi na ang isang angkop na himlayan ay maaaring pribado at sagrado - na may isang lugar na nakalaan para sa mga pamilya upang magdalamhati nang pribado.

Binigyang-diin ng mga tao nang hindi nagbabago-bago, ang pangangailangang ipakita ang pagkakaiba-iba ng komunidad at maging inklusibo (halimbawa, sa pamamagitan ng pagtiyak ng mahusay na access para sa mga may kapansanan). Sinasabi ng mga tao ang pangangailangang idisenyo ang memorial upang mabawasan ang panganib ng bandalismo at pag-uugaling laban sa lipunan, na dapat isaalang-alang ang mga isyu sa pagmementina, at dapat may pakiramdam ng pagiging ligtas mula sa panghihimasok ng pulisya (halimbawa, pagpapahinto at pangangapkap).

Ano ang susunod

Ang paglalakbay patungo sa isang angkop na memorial ay magkakaroon ng tatlong yugto: 1) Pagtatakda kung ano ang gusto at kailangan ng komunidad 2) Pagpili ng team na magdidisenyo at pagsang-ayon sa isang disenyo, at 3) Pagpapatayo ng memorial.

Nagawa na namin ang karamihan sa mga gawain para sa Ika-1 Yugto. May ilang mahahalagang isyu na kailangan pa ring lutasin bago natin maabot ang susunod nating malaking milestone – ang paglathala ng isang design brief.

Ito ay magiging isang hanay ng mga tagubilin para sa kung ano ang kailangang maging kalalabasan ng memorial. Gagamitin ang design brief para magpatakbo ng kumpetisyon para sa pagpili ng team na magdidisenyo, at maglalagay sa atin sa landas kung saan magkakasundo sa isang disenyo.



Sa susunod na buwan...

- Makikiisa tayo sa mga paggunita sa komunidad para sa ikalimang anibersaryo ng trahedya sa ika-14 ng Hunyo, na maglalagay ng karagdagang mga puno at likhang sining sa hoarding at gagawa ng video upang ibahagi ang ating mga pagninilay.
- Makikinig kami sa feedback sa ulat na ito at sasagutin ang mga tanong tungkol sa anumang mga isyung nabanggit.

Sa buong tag-araw...

- Papakinggan namin ang anumang karagdagang kontribusyon at makikipag-ugnayan sa mga hindi pa namin naririnig, lalo na sa mga naulilang pamilya at mga nakaligtas na hindi pa nagbabahagi ng kanilang mga pananaw. Pati na rin ang patuloy na pagsasagawa ng mga pag-uusap, gagawa kami ng online na kuwestyonaryo para sa mga mas gustong magbigay ng mga pananaw sa ganoong paraan.
- Makikipagtulungan kami sa mga eksperto upang maunawaan kung ano ang magiging posible para sa lugar ng site (kabilang ang anumang mga hadlang, pagkakataon at epekto sa mga nakapalibot na lugar), at tatalakayin ang anumang mga isyu sa mga pampublikong awtoridad.
- Pipili kami ng mga independiyenteng eksperto na magpapayo sa amin kung paano mapangalagaan at magamit muli ang mga elemento ng Tore sa memorial. Tutulungan nila kaming gumawa ng gabay para sa pagsasama nito bilang isang ispesipikasyon sa design brief.
- Magtatanong pa kami tungkol sa mga inaasam ng komunidad para sa memorial. Halimbawa, paano gustong gamitin ng mga tao ang espasyo at anong mga uri ng praktikal na aktibidad ang gustong magawa ng komunidad?

Sa susunod na taon...

- Tutuklasin namin ang mga opsyon kung paano dapat legal na pagmamay-ari ang memorial upang ito ay mapanatili at maprotektahan sa pangmatagalan, at pag-isipang mabuti ang mga ito kasama ng komunidad.
- Makikipagtulungan kami sa mga naulilang pamilya at sa coroner upang isaalang-alang kung paano maaaring ihimlay ang hindi pa nakikilalang mga labi, at kung paano ito isama sa design brief kung kinakailangan.
- Isasaalang-alang namin ang mga ideya para matiyak na ang trahedya ng Grenfell ay maaalala nang higit pa sa memorial, gaya ng digital na pag-aalala at isang museo sa labas ng site. Titingnan namin kung sino ang gagawa ng mga desisyon sa mga ito.
- Makikipagtulungan kami sa komunidad at mga eksperto upang magpasya kung paano gagana ang isang kumpetisyon sa disenyo, sino ang maaaring sumali at paano dapat pagdesisyunan ang mga entry.

Sa kabuuan ng lahat ng ito, makikipagtulungan kami sa gobyerno upang matiyak na ang mga naulilang pamilya at ang komunidad ay hindi nahahatak sa magkaibang direksyon. Iyon ay, na ang proseso ng gobyerno sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa Tore ay isinasaalang-alang ang aming proseso sa paggawa ng memorial, at ganun din sa kabaliktaran. Ang Memorial Commission ay hindi kailanman mayroong anumang impormasyon ng tagaloob tungkol sa mga desisyon ng gobyerno, ngunit palagi naming sinisiyasat kung ano man ang kanilang isinasapubliko. Hahamunin namin ang gobyerno kung kinakailangan, at aayusin ang aming mga plano para sa memorial upang isaalang-alang ang sitwasyon habang umuusad ito.

Hindi magkukulang ng mga pagkakataon para makilahok kayo! Magdaraos kami ng mga regular na bukas na pagpupulong at drop-in, at makikipag-ugnayan sa mga hindi pa namin nariringsan. Ang aming pagtrabaho at paggawa ng mga desisyon ay palaging malinaw na ibabahagi sa aming website - at mag-aalok kami ng mga regular na update upang ipaalam sa inyo kung ano ang tinatalakay at kung paano kayo maaaring makibahagi.



Kapag nakuha na namin ang impormasyong kailangan para makumpleto ang Ika-1 Yugto, ilalathala namin ang aming susunod na ulat para maibahagi ang lahat ng ito sa inyo. Bibigyan namin ng pagkakataon ang lahat na ibahagi ang kanilang mga saloobin o magbigay ng mga karagdagang mungkahi, at pagkatapos ay gagamitin namin ang lahat ng aming narinig upang buuin ang design brief. Pagkatapos ay uusad na sa Ika-2 Yugto!

Maging bahagi ng aming paglalakbay

Kung mayroon kayong mga naiisip o mungkahi tungkol sa anuman sa ulat na ito, o gusto ninyong talakayin ang aming gawain sa anumang paraan, gusto naming makarinig mula sa inyo.

■ Makipag-usap sa amin sa isa sa ating mga drop-in. Ang mga susunod na sesyon ay sa Sabado, ika-11 ng Hunyo at ika-9 ng Hulyo, at palagi kaming may mga pampalamig at aktibidad para sa mga bata.

■ Sumama sa isa sa aming mga bukas na pagpupulong.
(Ang aming kalendaryo ng mga paparating na drop-in at pagpupulong ay nasa aming website (mangyaring pumunta sa www.grenfelltowermemorial.co.uk/news at mag-click sa 'mga petsa para sa iyong diary'). Maaari kaming magsaayos ng suporta sa pagsasaling-wika kung gusto mo ito.

■ I-email kami sa GTMCSecretariat@levellingup.gov.uk

■ Tawagan kami sa [0303 444 4831](tel:03034444831)

■ Pumunta sa aming contact page para ipadala sa amin ang iyong mga ideya, para direktang makipag-ugnayan sa mga kinatawan o mag-sign up sa aming newsletter: www.grenfelltowermemorial.co.uk/contact

■ Sundan ang aming mga regular na update sa Instagram at Twitter (@GrenfellTowerMC)

